**Abstract**

During the Spanish colonization, Christianity spread throughout the Philippines, affecting the culture and faith of every Filipino. The church played a vital role in society, symbolizing salvation through the gospel. Moreover, the church served as a facade for oppressors, who feigned moral virtue and good intentions. In mining communities like Mt. Diwalwal, the church is among the most significant social structures. It offers hope to miners, who seek guidance, safety, and abundance from the Almighty. Edgardo M. Reyes in his novel *Diwalwal: Bundok ng Ginto* describes Diwalwal as a very different place. Here, the oppressed use the church to feed their egos and maximize their power. According to belief, Satan resides beneath the land. In mining community, the tunnel is the gateway to where the gold can be found. A symbolic representation of Satan's dark domain, where miners extract gold. This personal essay aims to help people understand that Satan does not dwell beneath the land.

**Keywords**

Mt. Diwalwal, mining, personal essay, church

**English title**

There Is No Evil Beneath the Land

# WALA SI SATANAS SA ILALIM NG LUPA

**DENMARK B. SOCO**

KUNG TOTOONG SA ilalim ng lupa matatagpuan si Satanas, gaano ba kalalim ang huhukayin upang matagpuan ang kanyang kaharian at masaksihan ang mga kaluluwang pinaparusahan dahil sa kanilang mga kasalanan?May bagong tunnel na nais na buksan ang amo ni Papa. Matatagpuan ito sa Kabasaran, sa Mt. Diwalwal. Medyo malayo ito sa mismong mataong lugar sa Diwalwal at dadaanan nito ang sikat na sikat na Bardown. Hindi kami pinapahinto nang matagal ni Papa sa Bardown. Naging tanyag ito dahil sa sunod-sunod na mga trahedya at sa landslide na nangyari noong dekada 90 na bumago sa tingin ng karamihan sa pagmimina. Batay sa kuwento ng aking lolo, ilang araw na rin na tuloy-tuloy ang ulan sa Diwalwal. Ang Bardown, na nasa unahan lamang ng



Likhaan 18.indb 185 11/22/2024 4:34:00 PM

Patindol, ang isa sa mga sikat na lugar dahil sa naglalakihang mga tunnel na matatagpuan dito. Maging ito ay tinagurian ding isa sa pinakamalalaking himlayan sa Diwalwal sa dami ng mga pumanaw at minalas dito. Sa labas ng tunnel ay may ilog, ngunit sa kabila ng lakas ng tubig sa sapa ay hindi ito naging dahilan upang itigil ang operasyon. Dahil sa sunod-sunod na malalakas na ulan, humina ang pundasyon ng lupa at ang pundasyon ng mga tunnel. Bigla na lamang gumuho ang mga tunnel na siyang dahilan ng pagkabuo ng napakalaking butas na humigop sa mga tao na nasa labas. Dahil sa nasa paanan ng bundok ang mga tunnel na ito, noong hinigop ng lupa ang mga tao, tumabon naman ang malalaking tipak ng bato at lupa sa butas na naging himlayan ng karamihan. Doble ang naging casualty, kabilang ang mga taong naninirahan sa gilid ng mga tunnel, sa mga tindahan at karinderya, sa mga kapihan at sugalan. Sa maniwala kayo o hindi, hindi biro ang dami ng tao sa Diwalwal. Batay ito sa kuwento ng lolo ko na nakaligtas dahil sa tawag ng kalikasan buhat sa kaiinom niya ng tuba. Umalis siya sa kanyang tambayan bilang isang laborer dahil kailangan niyang magbawas ng sama ng loob sa kanilang baraks. Sakto ang pag-alis niya dahil ilang minuto lamang ay narinig niyang parang bumagsak ang langit sa lakas ng tunog at lagapak. Tila ibinagsak si Satanas mula sa dati nitong tirahan sa kalangitan. Hindi na siya tumae, at naisip niyang bumalik sa Bardown. Nakasalubong niya ang ilang minerong nakaligtas, hapong-hapo at bakas na bakas sa kanilang mga mukha ang pagod at takot. Sinigawan siyang huwag nang pumunta dahil patuloy pa rin ang pagbagsak ng mga bato. Sa kanyang tantiya, ilang daang libong tao ang namatay. Kasama na rito ang mga minero sa ilalim ng tunnel na natabunan ng lupa. Ngunit noong tinanong ko kung kasama kaya ang may-ari ng tunnel sa mga natabunan ng lupa, ang sagot niya ay malabo, sa malaparaisong resort sa Tagum o sa mismong bayan ito nakatira at ang kanyang mga tauhan lamang ang nasa Diwalwal. Minsanan lang ito bumibisita, at kadalasan hanggang sa safe zone lang ito. Wala itong pakialam kung hindi matibay ang mga pundasyon, na dagdag gastos kung susumahin kaya mas mabuti pang ibulsa na lamang. Kaya sa tuwing dumadaan kami rito papunta sa tinatrabaho nina Papa na tunnel ay hindi kami nagtatagal, lalo na kung maulan. Hindi namin mahuhulaan ang galaw ng lupa sa Diwalwal at baka bigla na namang bumigay at madamay pa kami.

Sa binubutas nina Papa na tunnel, gumagamit sila ng dinamita. Kailangan munang bumutas sa bato. Mano-mano nila itong ginagawa gamit ang tinatawag nilang palpal. Ang palpal ay parang isang malaking



Likhaan 18.indb 186 11/22/2024 4:34:00 PM

pako. Gamit ang maso, kanila itong pinupukpok hanggang sa maabot nila ang eksaktong lalim. Banayad lang dapat ang pagpukpok at may saktong lakas upang hindi magkaroon ng crack sa bato, na maaaring maging sanhi ng hindi maayos na pagsabog ng dinamita. Kung may sapat nang butas, kailangan sakto ang timpla ng ampo o amp fertilizer na kanilang nirerepak sa lagayan ng ice candy. Hindi rin dapat maalog ang fuse; sakto dapat ang kapit nito sa bato. Kadalasang pumapalya ang dinamita kung mahaba ang pisi na sinisindihan. Nasa kalahating ruler lamang ang sukat ng ginagawa nina Papa. Mabilis itong sumabog kaya kailangang maliksi ka rin pagkatapos itong masindihan; takbo agad para makalabas. Biruan nga namin noon, kaming taga-Diwalwal ay puwede nang gumawa ng bombang pampasabog, lalo na sina Papa sa husay nilang tumimpla ng dinamita. Masaya kaming pumupunta sa ginagawang tunnel nina Papa, at isinasama nila kami dahil nais naming tumulong sa paggawa ng tunnel. Gamit ang parang tarima, inilalagay namin ang mga tipak ng batong tumilapon at dinadala ito sa labas ng tunnel. Kami-kami rin naman ang makikinabang kung ito ay magkaroon ng malaking income. Pagkatapos magpasabog ng dinamita ay kailangang kunin ang mga tipak ng bato sa ilalim para muli na namang magpasabog, paulit-ulit na proseso hanggang sa maabot ang kailaliman ng lupa. Hindi mo halos makita ang loob dahil sa usok pero kailangang makuha na ang mga bato sa ilalim para magpatuloy sa pagsunod sa mga bina. Ang bina ay isang puting bato na naglalaman ng ginto. Kailangan itong pinuhin at lagyan ng mercury para makuha ang gold deposits dito. Kadalasan, ang mga ito ay nasa malalim na bahagi ng tunnel; doon nagtatago ang mga ginto. Naalala ko tuloy, sa kakapasabog namin ng dinamita, baka mabangga na namin si Satanas sa ilalim ng lupa. Paulit-ulit pa namang paalala sa akin ng naging substitute teacher namin noon sa elementarya na galing sa lungsod, ang kaharian ni Satanas ay nasa ilalim ng lupa. Tinatakot pa kami na sa tuwing kami ay magmumura, bubukas ang lupa at kakainin kami nito patungo sa impiyerno. Ang impiyerno ang lugar na huwag naming naising mapuntahan dahil, ayon sa kanya, lugar ito ng makasalanan. Lugar ng mga taong dapat na parusahan. Ngunit gaano ba kalalim ang kailangan naming hukayin para maka-meet and greet si Taning? Medyo malalim na rin kasi ang aming nahuhukay.

Isa ring paulit-ulit na pananakot ng relihiyosong matatanda sa baryo namin: "kung hindi ako magiging mabait na bata ay kukunin ako ng lupa at dadalhin kay Satanas." Pinaniniwalaan ko ito nang husto: ang langit ay tahanan ng Diyos sa dahilang sa tuwing itinitingala ko ang

aking ulo ko ay nakikita ko ang bughaw na kalangitan—isang malinaw na representasyon ng kaluwalhatian labas sa mausok at mabahong asidong lutuan ng bulawan malapit sa amin. Ang ilalim ng lupa ay tahanan ng masamang demonyo na may matutulis na kuko, sungay, at pangit na mukha. Tahanan ni Taning ang ilalim ng lupa kasama ang mga ganid, bastos, mapang-aping mga alagad niya. Kahit sa larong langit-lupa-impiyerno, higit kong kinakatakutan ang mapunta sa pinakamababang parte ng lupa na tinatagurian naming impiyerno. Paunahan kaming makasampa sa mataas na parte tulad ng sa ibabaw ng upuan o mesa, sa mga hagdan, sa itaas ng sako-sakong mineral waste kung saan kami naglalaro, tutuntong sa abandonadong planta na kababakasan pa rin ng malaabong natuyong cyanide, at sa kahit na anong bagay na matutuntungan huwag lang mapunta sa impiyerno. Kahit na ganito, alam kong ang tatay ko ay isang minero at pumapasok sa loob ng tunnel. Nakailang beses na rin akong nagtanong sa kanya kung may demonyo ba o Satanas sa loob ng tunnel dahil nga ito ay nasa ilalim ng lupa. Kinukulit ko siya kung paano at ano ang kanilang gagawin kung maglalaro sila ng langit-lupa-impiyerno; edi deretso na sila sa impiyerno kapag ganoon? Wala na silang mapupuntahang langit kapag nasa loob ka na ng tunnel; walang maluwalhati't bughaw na kalangitan sa makipot at maputik na daan sa loob. Sa paulit-ulit kong tanong, paulit-ulit lang din ang tugon ni Papa: "Daghang Satanas sa kalibutan, Mark. Dili ra ni nimo makit-an sa ilalom sa yuta." Sa mura kong edad na siyete, hindi ko maunawaan ang malalim at matalinghagang pananalitang ito ni Papa na tila ba nagbibilin at naghahamon sa akin na tuklasin ang mundo upang makilala ang mga kampon ni Satanas. Sa ilang beses ko na ring pagpasok sa loob ng tunnel ay hindi ko ito nakasalubong; bagkos, mga minerong punong-puno ng putik ang aking laging nakasasalamuha sa loob.

Isa sa mga pamantayan ng pagkalalaki sa Diwalwal ay ang makapasok ka na sa loob ng tunnel. Mahalaga ito upang hindi ka mahuli sa pamantayan ng pagiging astig bilang isang lalaki. Matagal-tagal ko ring hinintay ang pagkakataong ganap na akong maging binata; at ang isa pang mahalagang dapat kong matuklasan, kung matatagpuan ba sa ilalim ng lupa si Satanas.

Marami akong gustong itanong sa kanya: Bakit sa dinami-rami ng layers ng mundo, sa lupa pa siya bumagsak? Kahit na sabihing dito siya ipinatapon ng Panginoon, bakit pinili niya pa rin ang mainit, makipot,



Likhaan 18.indb 188 11/22/2024 4:34:00 PM

madilim na bahagi ng mundo upang kanyang maging kaharian? Ang cheap naman niyang pumili. Bakit hindi na lang niya gawing kaharian ang bahay at palasyo ng mga politiko sa amin, may aircon at masasarap pang pagkain? Tutal makapangyarihan naman siya. Baka tama ang matatandang laman ng mga nobena, simbang gabi, misa, at lahat ng aktibidades sa simbahan, yaong mga walang kamag-anak na nasa loob ng tunnel at dayo lamang sa Diwalwal? Ang kadiliman ay sumisimbolo sa matinding kasamaan.

Ang usapan namin ni Papa, isasama niya ako sa loob ng tunnel kapag ako ay nasa hay-iskul na. Naiinggit ako sa aking mga kalaro na nakapasok na sa loob ng tunnel. Sa tuwing nagkukuwento sila ay tila ba nakaharap ako sa isang "untouchable kid" sa aming lugar. Ang kuwento nila, wala raw si Satanas sa ilalim ng lupa, at kahit na isang beses ay hindi pa nga nila ito nakasalubong o naaninag man lang ng kanilang mga "flashlight." Hmm ... baka mailap lang talaga si Satanas sa mga panahong iyon.

Gusto ni Mama na maging mabait akong bata. Lagi niya akong isinasama sa pagsisimba. Kahit abutin na kami ng gabi, mahulog na sa daan, at magpagulong-gulong sa talahiban dahil hindi na namin nakikita ang dinaraanan namin, okey lang basta makapagsimba. Dahil bundok ang Diwalwal, isa sa mga naging sentro nito ang simbahan. Doon nagtatagpo ang iba't ibang tao na may iisang trabaho—ang pagmimina. Matatagpuan din sa simbahan ang mga taong kahit na isang kalyo sa palad ay wala kang masasalat, suot ang kumikinang na mga singsing at mabibigat na kuwintas na gawa sa ginto. Sila ang mga politiko at may-ari ng mga tunnel at ng malalaking negosyo sa Diwalwal. Hindi mo rin sila basta-basta malalapitan dahil sa kanilang bodyguards na may nakasisilaw na baril sa tagiliran at mahahabang armalayt na nakasukbit sa kanilang mga balikat. Dahil sa malawak ang Diwalwal—kahit isang araw ay kukulangin para malibot ang buong mining site na ito—mahalaga ang araw ng pagsisimba dahil dito nagtatagpo ang maraming tagabundok. Dito nagbabahaginan ng magkakatulad na mga dasal: ang paghingi ng kaligtasan para sa sarili at para sa kanilang mga mahal sa buhay na pumapasok sa loob ng tunnel. Kung matatabunan ka at suwerteng buhay ka pa rin, tiyak na haharapin mo ang isang malaking kamalasan; walang doktor sa aming bayan at kailangan mong bumaba sa bundok para lamang makapunta sa mga hospital. Kaya marami sa amin ang iniisip na mabuti pang mamatay agad dahil magastos ang pagbaba sa bundok; sa pamasahe pa lang na ₱200–400 ay tiyak na mabigat na sa bulsa. Kailangan mo pang



Likhaan 18.indb 189 11/22/2024 4:34:00 PM

tiisin ang mabato at maputik na daan sa aabot nang mahigit tatlong oras na biyahe para lamang makarating sa paanan ng Mt. Diwalwal.

Sabi nga ng mga always present sa simbahan at alagad ng Diyos, upang marating ang langit kailangan mong manampalataya sa Panginoon. Sa pagsisimba nakukuha ang magagandang balita, at dito mo rin nailalapit ang sarili mo sa tahanan Niya at sa paraiso.

Holy week ang pinakaayaw kong linggo ng taon! Bilang isang batang laman ng kalsada at panay ang laro, maituturing ko itong bangungot—sa totoo lang! Isinasama ako ni Mama para magsimba; Siete Palabras pa lang, gusto ko nang sumuko. Ang naka-lineup para tumayong mga bulaang propeta o mensahero ng mga huling salita ni Hesus ay ang sumusunod:

1. Si Kens (itatago ko na lang ang tunay na pangalan), may-ari ng isang tunnel sa Patindol. Ilang beses ko na rin siyang nakitang nalasing, at ikinumpas-kumpas niya ang kanyang baril, pinaputok kung saan-saan. Bali-balita rin ang pagiging malupit nito sa mga minero niya, lalo na sa hatian ng ginto. Isang proud babaero at laging laman ng mga bahay-aliwan, at ang paborito nitong puta ay ang mga bagong dating na mga menor de-edad. Kapag siya ang nagbabahagi ng mga huling salita ni Hesus, nanginginig pa ang kanyang boses. Pinipilit niyang lumuha dahil binibilang ko kung ilang beses siyang kumurap. Hindi maipinta-pinta ang kanyang mukha. Damang-dama ang mga salita. Sobrang lakas ng boses, at hindi puwedeng hinaan ang speaker dahil magagalit ito. Nakabibingi. Nakaka-bad trip. May paturo-turo pa sa mga nagsisimba. Ikaw! Ikaw! Sabay banggit ng katagang "Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Pagkatapos ng Siete Palabras, tatambay ito sa labas. Maninigarilyo at magagalit sa aming mga batang naglalaro.
2. Mga miyembro ng konseho o barangay officials na karamihan ay sumusuporta sa mapanlamang na mining companies. Wala silang maayos na planong pangkalusugan. Laman din ng mga bahay-aliwan ang karamihan sa kanila, na ipinagmamayabang na menor de-edad ang mga puta, sariwa't bagong kuha mula sa ibang lugar at dinala sa Diwalwal upang maging parausan ng mga Texas na tulad nila.



Likhaan 18.indb 190 11/22/2024 4:34:00 PM

3. Mga negosyante, may-ari ng mga tindahang kumikita nang malaki, na kung minsan umaabot pa ng isang daang libo isang araw. Ang higit na nakababahala, ang pagpapautang nila sa mga minero nang may doble, triple, at hindi makataong patong na interes. (Ang dating ₱30 per kilo na bigas, kapag utang aabot nang ₱50 per kilo at kung minsan pa nga ay ₱60. Kapag hindi ka nakapagbayad, maaari kang mawalan ng trabaho.) Nasa kanila ang monopolyo. Bawat mining companies ay dapat doon lamang bumibili. Kung ganoon, nasa kanilang mga kamay ang presyo ng mga paninda.
4. Mga nag-iiyakang kaabag, kahit alam nila na ang kanilang mga kasamahan sa Siete Palabras ay mga kupal. Sa ngalan ng koneksiyon ay nabubusalan ang kanilang bibig at sila rin mismo ang sumusuporta rito—sa dami ba naman ng naido-donate ng mga ito sa simbahan, baka sila na ang pumalit sa trono ng Panginoon.

Ang nakapagtataka, kahit na isang yanong minero ay wala. Walang minerong naatasan para magbahagi rin ng repleksiyon, basahin at ibahagi ang mga huling salita ni Hesus. Maganda sana kung sila ang magsalita sa harap. Alam nila ang bigat ng pagpasan (tulad ni Hesus), ang pandirihan dahil sa skin diseases na nakukuha nila sa mga nabubulok na timber sa loob (iniwasan din si Hesus sa pagkakaalam ko kahit hindi ito tungkol sa skin diseases), ang mga pang-aapi ng mga hari ng kompanya (kailangan ko pa bang ikumpara?). Umiiyak-iyak pa ang mga napiling bumasa sa mga huling salita ni Hesus. Panay ang kanilang hikbi habang kapansin-pansin ang mga nakaumbok at nakabukol na bulsa ng mga ito, mga pitakang sumusuka na sa laman. Hindi ko alam kung totoo bang naaawa sila o nakikita nila ang kanilang sarili sa mga nang-aapi kay Hesus. Ewan, basta ayaw ko silang pakinggan. Kahit na noong bata pa ako—gugustuhin ko na lang ang maglaro. Kating-kati akong lumabas ng simbahan. Ewan ko ba kung bakit hindi ako makakonekta sa bugso ng kanilang damdamin. Kung ito ay totoo man, kahit na isang beses hindi ako nakaramdam ng awa—ineffective kasi ang mga pinili nilang tagabasa, like shit! Alam ba nila ang salitang kahirapan?

June, fiesta sa buong Diwalwal. Pagandahan ng booth ang lahat ng mga purok. Hindi lamang pagandahan, paramihan din ng handa.



Likhaan 18.indb 191 11/22/2024 4:34:00 PM

Kaliwa't kanang lechon, at kung ano pa mang mga pagkaing maiilap sa dila ng mga minero. Ang mga may-ari ng tunnel at malalaking tindahan, doon sa kumbento kumakain, kasama ang pari at ibang lingkod ng simbahan. Bawal makihalo sa mga minerong patay-gutom sa kanilang mga mata, o baka natatakot silang mahawahan ng mikrobyong dala ng mga minero dulot ng mga kemikal na ginagamit sa pagmimina tulad ng mercury, borax, cyanide, carbon, limestone, asido at marami pang iba. Habang halos magtulakan na ang mga minero para makakain, sa kumbento ay mahaba ang table na may tabon pang puting tela, may watermelon at wine; ilang malalaki at mapupulang lechong baboy ang nasa harap. Paano ko nalaman? Kahit papaano kilala si Mama sa simbahan, at malaya kaming nakapapasok sa loob ng kumbento pero hindi kami doon kumakain—bawal kasi! Doon kami sa booth namin kung saan hindi magkamayaw ang mga kamay para lamang makakuha ng ilang hiwa ng lechon. Nagagalit pa ang mga may-ari ng tunnel. Wala raw disiplina ang mga minero, mga patay-gutom at hayok sa pagkain. Hindi raw pumipila nang maayos para makakain. Nakakahiya—isa pa naman kami sa mga uncivilized people na tinutukoy nila.

Nobyembre, maya't maya ang misa at pabasa para sa mga pangalang nasawi sa pagmimina. Kung may ₱100 ka, ₱200, ₱300, o kung minsan ay libo-libo, maaari kang makakuha ng sobre at maisulat doon ang pangalan ng kamag-anak o kaibigang nasawi at babasahin ito ng pari. Hindi naman nagde-demand ang simbahan kung magkano ang iyong ilalagay. Ang problema nga lang, mararamdaman mo ang hiya sa tuwing maliit lamang ang iyong inilalagay, lalo na kapag barya. Lagi kaming nagpapabasa ng mga pangalan ng mga kamag-anak naming nasawi upang ang mga ito ay dasalan. Kahit mabigat na sa bulsa ang isang daan ay titiisin para lamang at alang-alang sa kapanatagan ng mga kaluluwang naging biktima ng kahirapan. Magastos palang kilalanin ang isang yumao, ipagdasal ng pari, at mabigyan ng pagkakataong mabasbasan at iligtas sa dagat-dagatang apoy ng impiyerno. Siyempre, ang mayayaman ay nakaupo sa pinakaharapan ng simbahan, nagpaplastikan, akala mo naman hindi nagpapatayan dahil sa agawan ng teritoryo sa minahan. Kapag may peace be with you, nag-aabutan pa ng kamay. Siya ring kamay ang ginagamit para utusan ang kanilang mga sundalo na pumatay alang-alang



Likhaan 18.indb 192 11/22/2024 4:34:00 PM

sa teritoryo. Umaakyat sila sa bundok tuwing linggo para lamang magsimba. Pride din kasi ang usapan dito, payabangan kung sino ang makapangyarihan. Kailangan din nilang makuha ang simpatya ng simbahan dahil ito ang lugar na huling pinupuntahan ng mga minero kapag nawawalan na ng pag-asa. Kapag nakitang hawak nila ang simbahan, madali na ring mahahawakan ang mga minerong walang pag-asa sa buhay.

Minsan pa nga, humahantong sa matinding patayan ang hidwaan ng mayayamang may-ari ng tunnel. Umaabot sa daan-daang minero ang namamatay sa loob ng tunnel dahil lamang sa pag-aasam nila ng kapangyarihan. Isa sa kanilang mga ginagawa sa tuwing magkakasalubong ang kanilang tunnel at walang kahit na isang nais umatras, inuutusan nila ang kanilang mga tauhan na magsunog ng gulong sa ilalim ng tunnel hanggang sa ma-suffocate ang mga minero sa loob. Mas kaunti ang mga minero, nangangahulugan itong mas babagal ang produksiyon at kaunti lang ang mailalabas na ginto. Talo ang mga kompanyang mabagal magsunog ng baga. Ang lahat ng mga minerong naging biktima ng hidwaang iyon ay hindi man lang nabasa ang pangalan sa simbahan. Bakit? Wala silang sobre na lalagyan ng pera para sa "special mention" ni Father. Ang mayayamang nakaupo sa harap? Kulang na lang pati ang aso nilang namatay dahil sa kabusugan ay padasalan para sa katahimikan at kaluwalhatian ng kaluluwa nito. Ang mga minero, hanggang ngayon hindi pa rin nahahanap ang bangkay ng karamihan sa kanila, wala man lang kahit isang kuko na puwedeng paglamayan. Siyempre malalaki ang donasyon ng mga panginoong may tunnel na ito kaya halos linggo-linggo silang may special na padasal para sa kanilang kaligtasan; brought to you by simbahan para sa kaligtasan ng mga *nang-aapi!* Halimbawa: "Panatilihing ligtas nawa sina ganito-ganyan para na rin sa ikabubuti ng simbahan!"

Disyembre! Isa sa pinakamasasayang buwan ng taon sa Diwalwal. Sa loob ng simbahan ay may paligsahan sa kung sino ay may pinakamagandang parol. Bawat purok ay kailangang magsabit ng mga palamuti sa simbahan. Ang bawat purok ay may mga tunnel corp o company. Sa Purok 5, Mt. Diwata Mining Corporation o mas kilalang MDAC. Sa JB, may Sunshine Mining Corp o mas kilala bilang JB Tunnel. Sa Depot, may Las Vegas; sa Australia, may Australia



Likhaan 18.indb 193 11/22/2024 4:34:00 PM

Tunnel; sa Paraiso, may Valdez; at marami pang iba. Siyempre hindi rin patatalo ang mga may-ari ng malalaking planta: Mr and Mrs Motormill (na namimigay ng T-shirt at kalendaryo sa mga suki nilang binabarat), Naro, at marami pang iba. Ganoon din ang mga tindahan at malalaking puwesto na bumibili ng ginto. Pinapatigil pansamantala ang operasyon ng mga tunnel para sa bayanihan sa paggawa ng parol. Pride ang pinag-uusapan dito—kung sino ang mas angat, siya rin ang mas sikat at makapangyarihan. Ang bawat minero ay itinatalaga para magdala ng mga materyales na gagamitin: kawayan, mga tuyong damo, bato, o kung ano pa man depende sa kung ano ang tema. Hindi ito sa paglalayong pagandahin ang simbahan; ito ay labanan ng pride ng mga mining corporation na ito. Kahit tuwing simbang gabi, pasarapan ng mga "painit" o meryenda pagkatapos ng misa. Ito rin ang hinahabol ng karamihan, kahit na ako, tuwing Disyembre, ang pameryenda ng mga mining company na ito. Tuwang-tuwa sila kapag napupuri sa misa; tuwang-tuwa sila kapag nananaig sila sa pabonggahan ng meryenda at donasyon sa simbahan.

Kapag laman ka raw ng simbahan, tiyak ang iyong magiging kaligtasan. Maliligtas ang iyong kaluluwa. Kaya sa mga minero, kailangang magsimba dahil kapag ikaw ay minalas sa loob ng tunnel, kahit paano ay maigigiya ka sa kaligtasan at paraiso. Ang simbahan ay tahanan ng mabubuting tao, sabi ng mga relihiyosong laman ng simbahan, at sa ilalim ng lupa nandoon ang mga kampon ni Satanas!

Isang beses, nagimbal kami sa hatid na balita ng kapwa minero ni Papa. Nag-collapse daw ang tunnel dahil sa malakas na ulan. Matagal nang problema nina Papa iyon at humihingi sila ng pera para sa pundasyon ng tunnel ngunit ayaw magbigay ng may-ari at ng management—gastos na naman daw! Ang isa pang problema, hindi lang ito basta nag-collapse—ang aming kamag-anak ay na-trap sa loob. Humingi sila ng rescue ngunit dahil wala namang nakatalagang rescuer sa Diwalwal ay wala ring kumilos. Dali-dali sina Papa at ang ilan nilang kapwa minero sa pagpaplano ng rescue. Hindi sila magkakakilalang lahat dahil sa magkakaibang minahan sila nakadestino, pero alang-alang sa kapwa nila minero, sila ay nagtipon-tipon para maisalba ang buhay sa loob. Kahit na malakas ang ulan ay sinuong nina Papa ang "sug" sa ilalim ng



Likhaan 18.indb 194 11/22/2024 4:34:01 PM

tunnel para mailabas ang kapwa nila minero. Oras ang kanilang kalaban dahil kung hindi nila ito mailalabas, tiyak ang kamatayan nito kapag napuno na ng tubig ang tunnel o kapag bumagsak na naman ang malalaking tipak ng bato. Sa kanilang sama-samang lakas ay nailabas nila nang buhay ang kamag-anak namin sa tulong ng mga minerong nagtulong-tulong upang mailabas ito.

Third year high school ako noong nakapasok ako sa loob ng tunnel. Masikip ang butas at para kang dagang gumagapang sa loob. Sa mainline, medyo maayos pa ang laki ng butas; nakatatayo nang tuwid at nakapaglalakad nang maayos. Ang problema ay ang dumadaang bagon; kailangan mong maging alerto upang hindi ka masagasaan. Madalang lamang ang ganitong aksidente sa dahilang sa tuwing dumadaan ang bagon, lahat ng minero ay gumagawa ng ingay para maalerto ang ibang mga naglalakad sa mainline. Pagpasok sa loob, marami ka ring mentors na makakasalamuha. Tutulungan ka nila kung paano huminga, paano itali ang sakong may lamang bato, at paano makayanan ang bigat ng batong papasanin. Kahit hindi mo kilala, tila protocol na sa loob ang tumulong. Hindi na kailangang makiusap dahil kapag nakikita ng mga minero na nahihirapan kang pasanin ang mga bato ay agad ka nilang tutulungan sa pagbubuhat.

Madilim sa loob ng tunnel, ngunit may mga minerong nagpapahiram ng flashlight kung sakaling pumalya ang ilaw mo sa loob. Protocol din sa loob ang pagtulong. Kung may nadisgrasya sa loob ng tunnel ay gagawan agad ng paraan upang maisalba pa ang buhay nito.

Baka nga totoo ang larong langit-lupa-impiyerno, pero hindi nangangahulugang nasa mababang parte ng lupa o sa ilalim nito ang tahanan ni Satanas. Sa ilang beses na paghuhukay namin sa ilalim ng lupa, naramdaman ko ring unti-unting numinipis ang presensiya ng langit sa loob. Hindi naman namin nakasalubong ang mga kampon ni Satanas; ang mababait at matutulungin pa ang aking mga nakasalamuha. Tama nga si Papa, maraming Satanas sa mundong ito, at hindi totoong sa ilalim ng lupa matatagpuan ang impiyerno. Matatagpuan mo ito sa lugar na akala mo'y tarangkahan patungo sa paraiso ng Panginoon. Doon mo sila matatagpuan.



Likhaan 18.indb 195 11/22/2024 4:34:01 PM